

RESOLUSYON BLG. 19-95

ISANG RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG LUNGSOD NG LA VERNE, COUNTY NG LOS ANGELES, ESTADO NG CALIFORNIA NA NAGBABAGO SA RESOLUSYON BLG. 18-73 TUNGKOL SA MGA PATAKARAN NG PAGPAPATIGIL NG ILANG MGA SERBISYO DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD

SAMANTALA, ang Konseho ng Lungsod ay nagtatag ng umiiral na mga presyo ng tubig at mga patakaran sa pamamagitan ng pag-apruba ng Resolusyon Blg. 18-73 noong Disyembre 3, 2018; at

SAMANTALA, noong Setyembre 28, 2018, nilagdaan ni Governor Brown ang Senate Bill 998 (SB 998), upang mabawasan ang bilang ng mga taga-California na nawawalan ng akses sa serbisyo ng tubig dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad; at

SAMANTALA, natanto ng SB 998 na ang lahat ng mga taga-California ay may karapatan sa ligtas, madaling gamitin, at abot-kayang tubig gaya ng ipinahayag ng Seksyon 106.3 ng Water Code; at

SAMANTALA, nagbibigay ang SB 998 ng karagdagang mga proteksyon sa pamamaraan bago itigil ang serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad; at

SAMANTALA, kinakailangan ng SB 998 na sumunod sa batas ang lahat ng mga sistema ng tubig sa lungsod at komunidad, pampubliko o pribado, na nagbibigay ng tubig sa higit sa 200 na mga koneksyon sa serbisyo na sumusunod sa bagong batas; at

SAMANTALA, ang SB998 ay magiging epektibo simula Pebrero 1, 2020 para sa sistema ng tubig na nagbibigay ng tubig sa higit sa 3,000 na mga kostumer bawat taon.

KUNG KAYA, NGAYON, IPINAGPASYA NG KONSEHO NG LUNGSOD NG LUNGSOD NG LA VERNE ANG MGA SUMUSUNOD:

Seksyon 1. Na ang Seksyon A-20 ng Resolusyon 18-73, patungkol sa bayarin sa pagpoproseso ng delingkwensya, ay **BINABAGO** upang mabasa gaya ng sumusunod:

- 20. Bayarin sa Pagpoproseso ng Delingkwensya:** Kapag ang isang account ng serbisyo ng munisipalidad ay naging delingkwente o kapag ang serbisyo ay itinigil ng Lungsod dahil sa di-pagbabayad ng bayarin, dahil sa iligal na paggamit sa ng serbisyo sa tubig o dahil sa di-pagsunod sa anumang probisyon ng Resolusyong ito, ang bayarin na \$20 para sa bawat serbisyo ay sisingilin upang mapunan ang gastusin ng Lungsod para sa espesyal na pag-asikaso sa account at/o paggawa ng mga pagtawag sa serbisyo. Ang karagdagang bayarin na \$40 ay sisingilin din upang maibalik ang mga umiiral na serbisyo sa pagitan ng mga oras na 6:00 p.m. at 8:00 a.m. upang mapunan ang mga gastusin sa overtime ng mga kawani ng Lungsod. Ang mga bagong kostumer na hihiling ng serbisyo ng tubig sa parehong araw ay pagbibigyan lamang sa pagitan ng mga oras na 8:00 a.m. at 3:00 p.m. Paglampas ng 3:00 p.m., ang bayarin na \$30 ay sisingilin upang magarantiya ang serbisyo sa parehong araw (kung hindi, ang serbisyo sa tubig ay ibibigay sa susunod na araw). Walang bayarin ang sisingilin kung ang serbisyo a tubig ay pansamantalang itinigil sa panahon ng normal na mga oras ng trabaho sa hiling ng mamimili.

Section 2. Na ang Seksyon A-21 ng Resolusyon 18-73, patungkol sa kabiguang magbayad para sa serbisyo, ay **BINABAGO** upang mabasa gaya ng sumusunod:

21. Kabiguang Magbayad para sa Serbisyo: Kung ang isang mamimili ay hindi nagbabayad ng bayarin ng serbisyo sa munisipalidad at sinabing nagiging delingkwente ang singilin, ang kabuuan ng di-nabayaran na balanse ay papatawan ng multa para sa naantalang pagbayad na limang porsyento (5%) at maaaring mangailangan ng paunang bayad na katumbas ng tinanyang singilin sa kalahating buwan o pinakamababang paunang bayad ng \$50 ayon sa pagtukoy ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang kinatawan ayon sa kasaysayan ng nakaraang pagbabayad. Ang mga bayarin ay dapat na naaangkop sa bawat panahon na ang isang account ay naging delingkwente. Kung hindi binayaran ng mamimili ang delingkwenteng bayarin at multa sa loob ng apatnapu't apat (44) araw mula sa pagpapadala ng nakasulat na abiso upang gawin ito, ang serbisyo ng tubig ay maaaring itigil maliban kung hilingin ito ng mamimili at siya ay maging kwalipikado para sa plano ng pagpapaliban ng pagbabayad, alternatibong iskedyul ng pagbabayad o apela sa pagsisiyasat sa bayarin, gaya ng nakasaad dito. Ang serbisyo ay maaaring ibalik muli kung ito man ay pisikal na itinigil, pagkatapos mabayaran ng mamimili ang: 1) lahat ng delingkwenteng halaga na dapat bayaran; 2) ang singilin sa pagpapabalik serbisyo; 3) isang paunang bayad gaya ng nakasaad sa Seksyon A-28; at 4) anumang iba pang naaangkop na singilin. Ang anumang account kung saan ang pagbabayad ay ginawa gamit ang tseke at ang sinabing tseke ay ibinalik ng bangkong nagbigay nito ay itutuing na di-nabayaran. Ang nasabing tseke ay dapat na matubos ng cash bago ang takdang petsa ng account o kung hindi ay sasailalim ito sa lahat ng mga multa at bayarin.

Ang isang mamimili ay maaaring humiling ng plano sa pagpapaliban ng pagbabayad, alternatibong iskedyul ng pagbabayad o imbestigasyon sa apela sa bayarin, gaya ng kinakailangan ng mga sumusunod:

- a. Plano sa Pagpapaliban ng Pagbabayad: Ay isang pormal na kasunduan sa mamimili, na nagpapahintulot na mabayaran ang di pa nabayarang bayarin sa dalawang (2) mga installment. Ang isang mamimili ay karapat-dapat para sa plano sa pagpapaliban ng pagbabayad kung ang mga sumusunod na pamantayan ay natutugunan: 1) Walang nasirang mga plano sa pagpapaliban ng pagbabayad sa nakaraang anim (6) na mga buwan; 2) Walang kulang na mga pondo (insufficient funds) sa mga pagbabayad sa huling 60 na araw; at 3) Nagawa ng mamimili ang kinakailangang 25 porsiyento na pagbabayad. Ang mamimili ay kinakailangan na magbayad ng anumang mga bagong bayarin nang buo at napapanahon, bilang karagdagan sa paggawa ng napagkasunduang pagpapaliban na mga bayarin.
- b. Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad: Ay isang pormal na kasunduan sa mamimili, na nagpapahintulot na mabayaran ang di pa nabayarang bayarin sa loob ng 12 na mga buwan (anim na mga bayarin). Ang isang mamimili ay karapat-dapat para sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad kung ang mga sumusunod na pamantayan ay natutugunan: 1) Walang nasirang mga plano sa pagpapaliban ng pagbabayad sa nakaraang labindalawa (12) na mga buwan; 2) Walang kulang na mga pondo (insufficient funds) sa mga pagbabayad sa huling 60 na araw; at 3) Nagawa ng mamimili ang kinakailangang 25 porsiyento na pagbabayad. Ang mamimili ay kinakailangan na magbayad ng anumang mga bagong bayarin nang buo at napapanahon, bilang karagdagan sa paggawa ng napagkasunduang alternatibong pagbabayad.
- c. Imbestigasyon sa Apela sa Bayarin: Kung naniniwala ang isang mamimili na mali ang pinakahuling bayarin, dapat magsumite ang mamimili ng isang nakasulat na kahilingan sa Lungsod para sa isang imbestigasyon sa apela sa bayarin sa loob ng sampung (10) na araw matapos matanggap ang bayarin. Kung ang Tagapamahala ng Lungsod o ang kanyang kinatawan ay nagpasiya na ang isang imbestigasyon ay makatwiran, ang serbisyo ng tubig ay hindi ititigil hanggang sa matapos ang isang imbestigasyon sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo, at naipalam na sa mamimili ang desisyon ng Lungsod. Ang

mamimili ay kinakailangan na magbayad ng anumang mga bagong bayarin nang buo at napapanahon sa panahon ng imbestigasyon sa apela sa bayarin.

Seksyon 3. Na ang Resolusyon na ito ay agarang magiging epektibo sa pag-apruba bilang resulta ng pagpapatibay noong Disyembre 16, 2019 at dapat mailapat sa lahat ng mga bayarin para sa serbisyo ng munisipalidad na inihanda sa o pagkatapos ng Pebrero 1, 2020.

Seksyon 4. Na ang aksyong ito ay malaya, ayon sa batas, mula sa California Environmental Quality Act, Seksyon 15273 — Mga Rate, Toll, Pamasaha, at Singilin at mga patnubay sa kalikasan ng Lungsod ng La Verne.

Seksyon 5. Kung ang naumang probisyon ng Resolusyong ito ay ipinahayag na hindi naaalinsunod sa saligang-batas o labag sa batas, layunin ng Konseho ng Lungsod na ang nasabing bahagi ng Resolusyong ito ay maaaring tanggalin mula sa natitira at ang natitira ay bibigyan ng buong lakas at may bisa.

Seksyon 6. Na kailangang lumagda ng Alkalde at ang Katulong na Klerk ng Lungsod (Assistant City Clerk) ay magpapatunay sa pagpasa at pagpapatibay ng Resolusyon na ito at sa gayon ay magkakabisa at magiging epektibo.

NAIPASA, INAPRUBAHAN AT PINAGTIBAY ngayong **ika-16 na araw ng Disyembre 2019.**

/S/ DON KENDRICK

Don Kendrick, Alkalde

PATUNAY:

/S/ Lupe Gaeta Estrella

Lupe Gaeta Estrella, Katulong na Klerk ng Lungsod

SERTIPIKASYON

ESTADO NG CALIFORNIA) COUNTY NG LOS ANGELES) SS LUNGSOD NG LA VERNE)

Ako, si Lupe Gaeta Estrella, Katulong na Klerk ng Lungsod ng Lungsod ng La Verne, AY NAGPAPATUNAY na ang Resolusyon Blg. 19-95, ay naipasa at pinagtibay ng nasabing Konseho ng Lungsod sa isang regular na pagpupulong ng nasabing Konseho na ginanap noong ika-16 na araw ng Disyembre, 2019 at naipasa at pinagtibay ayon sa sumusunod na boto:

AYES: Davis, Hepburn, Rosales, Carder, at Alkalde Kendrick.

NOES: Wala.

ABSENT: Wala.

ABSTAINED: Wala.

/S/ Lupe Gaeta Estrella

Lupe Gaeta Estrella, Katulong na Klerk ng Lungsod